Mabini Review
Volume XVI, No. 1, 2026

Polytechnic
University of the
Philippines




Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Other citation formats:

APA MLA

## Book Review

# Agustin Martin Rodriguez. *From the Oppressed Land toward the Exulted Nation: How the Filipinos understand the Philippines*

# Agustin Martin Rodriguez. *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas*

Nathanael V. Navarro
University of the Philippines - Diliman
nathannavarronvn@gmail.com

DOI: https://doi.org/10.70922/k4772w78

Copy Editor: GERLIE C. OGATIS

Article History:

Received: August 2, 2025
Accepted: December 10, 2025
Revised: January 03, 2026

How to Cite this paper:

Navarro, Nathanael V. "Review of *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas*, by Agustin Martin Rodriguez." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 273–281. https://doi.org/10.70922/k4772w78.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

Book Review

# Agustin Martin Rodriguez. *From the Oppressed Land toward the Exulted Nation: How the Filipinos understand the Philippines*

# Agustin Martin Rodriguez. Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas

Lungsod Quezon, Pilipinas: Ateneo de Manila University Press 2024, 178 pages

Nathanael V. Navarro
University of the Philippines - Diliman
nathannavarronvn@gmail.com

## Abstract

In Augustin Martin Rodriguez's book titled *"Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas,"* he continued his philosophical project that discusses the different rationalities in a society. However, in this book, Rodriguez's enrichment of the discourse regarding the inequitable and unequal enjoyment of development took on a more historical bent. Drawing from different periods in Philippine history, Rodriguez demonstrated how the pursuit of freedom and justice is not just an abstract issue, but are concepts that permeate many dimensions of the Filipinos and the hardships and oppressions they endure. Although the lack of philosophical analysis in other parts of the book can be criticized due to the use of different ideas and interpretations by scholars in different disciplines, this review will show that the book has a philosophical challenge for Filipinos: to define development not only for oneself but also for one's kapwa. This message that emerges in the book shows that the face of oppression is not only in foreign invaders but also in Filipinos who decided to elevate themselves, even if it means stepping over other people's lives.

*Keywords:* Augustin Martin Rodriguez, rationalities, history, development, oppression

## Abstrak

Sa libro ni Augustin Martin Rodriguez na pinamagatang *"Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng*


© 2026 Navarro, N.V. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

*Pilipino sa Pilipinas,"* ipinagpatuloy niya ang kanyang pilosopikal na proyektong tumatalakay sa iba't ibang rasyonalidad sa isang lipunan. Ngunit sa librong ito, mas nagkaroon ng hilig sa pag-aaral ng kasaysayan ang pagpapayaman ni Rodriguez sa diskurso patungkol sa hindi patas at pantay-pantay na pagtamasa ng kaunlaran. Mula sa iba't ibang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas, ipinamalas ni Rodriguez kung paanong ang pagkamit ng kalayaan at katarungan ay hindi lamang mga abstaktong usapin kundi mga bagay na tumatagos sa maraming dimensyon ng pagkatao ng mga Pilipino at ang kanilang mga dinaranas na paghihirap at paniniil. Bagaman mapupuna na kakulangan sa pilopikal na pag-aanalisa sa ibang bahagi ng libro bunsod ng paggamit ng iba't ibang ideya at interpretasyon sa mga pantas sa iba't ibang disiplina, ipapakita sa rebyung ito na may pilosopikal na hamon ang libro sa bawat Pilipino: ang bigyang kahulugan ang kaunlaran hindi lamang para sa sarili kundi para rin sa kapwa. Ang namumutawing mensaheng ito sa libro ang magpapakita na mukha ng pang-aapi ay hindi lamang nasa mga dayuhang mananakop kundi pati sa Pilipinong nagdesisyong itaas ang sarili kahit na matabunan ang iba pang tao.

*Mga susing salita:* Agustin Martin Rodriguez, rasyonalidad, kasaysayan, kaunlaran, pang-aapi

Bilang mananaliksik sa Pilosopiya, madalas na paksa ng mga libro ni Agustin Martin Rodriguez ang demokrasya at kung paano ito nagsisilbi bilang espasyo upang makabuo ng isang makatarungang lipunan. Ngunit kahit na naging babad sa kalagayan ng mga maralita, naisantabi sa lipunan, at mga biktima ng karahasan ng dominanteng sistema dahil sa pagsisilbi sa iba't ibang civil society organizations, nilinaw ni Rodriguez na mahirap maglatag ng mga konkretong hakbangin para sa kanyang proyekto dahil iba ang kanyang pananaw sa pag-unlad kumpara sa kung paano ito tingnan ng mga dominanteng katuwiran na diumano ay nagnanais ng pagbabago sa lipunan.[1] Sa halip na makontento sa pakikinig sa iba't ibang opinyon o sa tila pagkakautang ng tinig ng mga naisantabi sa hinihiram na sistema ng katuwiran, ayon kay Rodriguez, kailangang maging mulat ang bawat isa sa posibilidad na ang daloy ng diskurso ay maaaring hawak lamang ng iilang nasa kapangyarihan. Isang halimbawa nito ang dominanteng rasyonalidad na nakatuon lamang sa tila pagiging "marumi," "sagabal sa kaunlaran," at "kawalang-kaayusan" ng mga nagtitinda sa bangketa kahit para sa kanila ay nagsusumikap silang makipagsapalaran para mamuhay ng marangal at maitawid ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan

1 Agustin Martin Rodriguez, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014), 200.

sa isang ekonomiyang nagsasantabi sa kanila.[2] Ganito rin ang sitwasyon kung bakit ang pag-alpas sa kasalukuyang balangkas ng pinaniniwalaang "rasyonalidad ng kaunlaran" at sukatan ng "paglago" at hindi lamang ang paglutas sa kakulangan sa kaalaman sa agham ang makapagpapababa ng bilang ng pagsusunog ng malalawak na lupain para pagtaniman ng palm oil, pulp, at rubber na nagsasanhi ng *global warming* at *climate crisis*.[3]

Ganito rin ang pakay ni Rodriguez sa kanyang librong "Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas." Bilang pambungad, kinumbinsi ni Rodriguez ang mga mambabasa na ang artikulasyon sa pagbibigay-kahulugan ng katayuan ng bayang Pilipinas labas sa dominanteng sistema ng mga kasalukuyang kultura ay masisilayan sa pag-aaral sa ebolusyon ng kamalayan ng mga Pilipino.[4] Bagaman tinalunton ni Rodriguez ang kanyang pananaliksik gamit ang mga pag-aaral ng mga dalubhasa sa Agham Panlipunan, Kasaysayan, at maging mga likhang pampanitikan sa Pilipinas magmula noong panahon bago pa sumalakay ang mga Kastila, nagtataglay ng pilosopikal na proyekto ang libro:

> *Sa ganitong paraan lamang magiging possible ang kritikal na pagsuri sa mga pinanghahawakan nating larawan ng mabuting lipunan. Sa ganitong paraan tayo mamumulat na ang mga pinanghahawakan nating larawan ay partikular at limitadong pag-uunawa sa mabuting buhay na maaaring hindi angkop sa madla*.[5]

Samakatuwid, upang makamit ang makabuluhang pag-uunawa sa bansang Pilipinas, nais ungkatin ni Rodriguez hindi lamang ang kasaysayan ng Pilipinas kundi pati na rin maipakita ang mga kapangyarihang gumagapos sa mga kamalayang sinisiil pati ang mga pagpapahalaga at hangaring kasamang pinalulubog.

Sa unang kabanata, ipinakita ni Rodriguez mula sa mga akda ng mga dalubhasa sa Agham Panlipunan na ang katutubong lipunan sa Pilipinas ay binubuo ng mga maliliit na komunidad o barangay – sa halip ng iisang kaharian o estado – na nagkalat sa buong kapuluang pinamumunuan ng kanya-kanyang

---

2 Agustin Martin Rodriguez, *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009), 1-22.

3 Agustin Martin Rodriguez, *Repentance and Rebirth at the End of Life as We Know It* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2021), 56-58.

4 Agustin Martin Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2024), 3.

5 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 8.

datu na siyang nagiging gabay sa politikal na sistema upang makamit ang mga layuning magpapanatili sa maginhawang pamumuhay ng mga mamamayan. Bagaman may hirarkiyang nagtatakda – na siyang maaaring manahin ayon sa angkan – sa pag-uuri ng tao sa lipunang ito, naniniwala si Rodriguez na may kamalayan at kalayaang pa ring namamagitan sa bawat indibidwal. Sa tinatawag ni Rodriguez na "ugnayang tao sa tao,"[6] mayroong pa ring kalayaan ang mga alipin o mga nabihag sa labanan na umalpas sa kanilang mababang nibel sa lipunan kung kanilang mababayaran ang kanilang pinagkakautangan hanggang sa maging timawa sila o mga taong malayang nangangalakal at nagtatanim kapalit ng pagbubuwis para sa pamamahala at pagtatanggol ng datu. Maging ang katayuan ng datu ay hindi panghabangbuhay dahil ang kanyang pamumuno ay tumatagal lamang ayon sa kanyang mga taga-sunod na siyang tumitiyak sa kanyang pagiging epektibo. Taliwas ang ganitong positibong pananaw sa katutubong kultura sa argumento ni Ramon Guillermo na ang masyadong pagkahumaling sa "pagka-taal" ng politikal na istruktura ng barangay ay isang lehitimasyong sumisira sa pantay-pantay at malayang partisipasyong politikal na siya diumanong naging instrumentong ideolohikal ni Ferdinand Marcos, Sr. upang mapaniwalang sang-ayon ang madugo at mapaniil na diktadura sa kulturang Pilipino.[7] Ngunit sa tingin ni Rodriguez, hindi katanggap-tanggap ang kosmolohiya at katutubong pananaw dahil nakaugat ang kaayusan ng kanilang panlipunang realidad sa mga di-nakikita o mga tinatawag na "abyan," "diwata," o "aran" na nagsisilbing espiritung gabay ng mga babaylan na siyang namamagitan sa mga "persona" sa mundo at sa mga mamamayan upang makamit ang di-pagkakasakitan, kapayapaan, kasaganahan sa kabuhayan, mabuting kalusugan, at pag-iwas sa anupamang kapahamakan.[8] Sa palagay ni Rodriguez, ang katutubong pananaw tungo sa maginhawang buhay ay naisantabi ng dominanteng katuwirang tinitingala ang modernisasyon at globalisasyong laging may nakakubling "disenyo" o "pakay" sa likuran ng mga isinasagawa bukod sa pagkamit ng kahulugan sa pag-iral mismo ng mga tao ayon sa maayos na pakikisalamuha sa kapwa, kalikasan, at mga persona – isang kalagayang itinulak ng kolonisasyon at pagbibigay-diin sa indibidwalismo bilang kasangkapan sa pagiging matagumpay.

Sa kabila ng pagpapakita ni Rodriguez na may malawak na negatibong epekto sa pagsisimula ng "pambansang kahirapan" ang pananakop ng mga Kastila[9] at maging ng iba pang dayuhang mananakop, binigyang-diin din

6 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 13.

7 Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009), 39-42.

8 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 14-19.

9 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 28.

niyang sanhi rin ito ng pakikipagsabwatan ng mga Pilipino sa mapaniil na sistema upang magpakalunod sa kayamanan, karangyaan, at kapangyarihan. Ito ang naging tesis ni Rodriguez sa buong libro: ang kawalang-katarungan ay bunsod ng mapang-aping pananakop na nagiging posible dahil sa pagbebenta ng kaluluwa ng mga Pilipino upang alipinin ang kanilang kapwa. Sa halip na ituring ang pag-aari bilang pampamayanan, naging *principalia* ang mga timawa at maharlika (uri ng mga datu) upang maging kasangkapan ng mga Kastila sa pagpapaliwanag at pagsasakatuparan ng kanilang mga politikal na ambisyong nagdulot ng paghihinagpis dahil sa pagpapasailalim sa pwersahang paggawa ng maraming katutubo para sa pang-ekonomiyang interes galing sa pagbubuwis (*encomienda*) at panlipunang pang-aabuso. Ganito rin ang kalakaran noong napadali ang pang-aagaw ng mga haciendero ng mga lupain ng mga magsasaka dulot ng proseso ng pagtititulo ng lupa na isinagawa ng mga mananakop na Amerikano para bigyan ng gantimpala sa gitna ng mga pag-aalsa ang lokal na pamamahala ng mga principales sa pangangalakal ng mga produkto galing sa pagsasaka.[10] Ayon kay Rodriguez, ang ganitong pananamantala ng mga Pilipino sa kanilang kapwa katutubo ay nagtulak ng pagkakawatak-watak ng pagkatao na noong katutubong lipunan ay bumubukal sa isang kolektibong abot-tanaw. Ibig sabahin, mas nangingibabaw ang balangkas ng konsumerismo at kapitalismo sa pagtatakda ng indibidwalistikong gampanin sa sistema ng produksyon sa halip na ang pagdanas ng panlipunang kahulugan. Subalit nakapagtataka lamang na tila hindi nakita ni Rodriguez na may pagkakahawig ang ugnayan ng kliyente at patron na lumaganap noong panahon ng Commonwealth sa pamamahala ng mga datu na nagbibigay ng pangangalaga sa mga katutubo kapalit ng pagbubuwis, proteksyon, at pagpapatuloy ng pangangalakal. Naniniwala kasi si Rodriguez na bagaman sanhi ng pagdurusa ang mga patron sa pananamantala sa mga Pilipinong kulang ang kaalaman at kapital upang magkamit ng produktibong ari-arian, ang pagkapit ng mga kliyente sa mga patron ay pagtitiyak ng kanilang "pang-ekonomiyang seguridad" at "kaligtasan ng kanilang buhay" sa panahong wala pang direktang obligasyong nagmumula sa nakasulat na kasunduan o kontrata sa pagitan ng mga haciendero at magsasaka.[11] Ito ay kabaligtaran ng obserbasyon ni Frank Lynch na maraming magsasaka sa kasalukuyan ang hindi maihiwalay sa tanikala ng pangungupahan, kahawig ng estilo ng mga datu sa pagpaparami ng kanilang mga taga-sunod upang malamangan sa kapangyarihan ang iba pang datu, dahil walang mas kaakit-akit na estratehiya ang pamahalaan sa kasalukuyan tulad ng karapatang magsaka ng humigit-kumulang dalawang ektarya ng mga pag-aari ng patron, pagkuha ng 70 porsiyento ng ani, pabahay,

10 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 92-93.

11 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 115-116.

kalayaang magtanim ng ibang gulay, pagbibigay rasyon, at marami pang ibang binigay ng mga patron.[12]

Sa kabila ng paniniwala ni Rodriguez na napagtanto ng maraming katutubo na hindi ang kanilang paniniwala sa mga di-nakikitang persona (bilang kasalanan sa pagsamba sa diumanong "Demonyo") ang sanhi ng kanilang pagdurusa kundi ang pagmamalupit ng mga Kastila sa pwersahang-paggawa at pang-aagaw ng mga produktong inaani,[13] may malaking naiambag ang pasyon upang maisiwalat sa kamalayan ng maraming katutubo na ang buhay at kamatayan ni Kristo ay isang pagliligtas sa mga inaapi – na naging inspirasyon ng maraming milenaryong pag-aalsa upang magkaroon ng lakas ng loob at pagpupunyaging labanan ang lahat ng mga sanhi ng kasamaan ng mga Kastila.[14] Napagtanto ni Rodriguez na kung noong katutubong lipunan ang mga mitolohiya ay hindi umiikot sa kabutihan ng kapangyarihang nagpasimula ng sangnilikha kundi sa paglitaw ng mga di-sinasadyang kilos ng mga persona o kaya naman ay upang umusbong ang maginhawang buhay,[15] noong panahon ng mga Kastila ay nabago ang pananaw ng mga Pilipino dahil namulat sila sa labanan ng kasamaan at kabutihan na kung saan ang pagsunod kay Kristo sa Kaharian ng Diyos ay mangyayari lamang kung lalabanan ang mga manlulupig katulad sa pagpapakumbaba, pagiging totoo, at mabuti ni Kristo bilang paglaban sa mga mapang-abusong Romano noon sa Israel at ang pakikipagsabwatan ng mga "principalia" ng mga Hudyo.[16] Binigyang-diin ni Rodriguez na maaaring maisakatutubo ang mga bagay mula sa Kanluraning kultura kung makukuha nito ang loob ng mga mamamayan para sa isinisigaw nilang katarungan. Ngunit tila kabalintunaan ito nang sabihin ni Rodriguez na ang utopyang sosyalismo[17] na nagmumula sa abot-tanaw ng pasyon at ng Katipunan ay iba sa mas "maka-agham" na pagbasa ng panlipunang suliranin sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong panahong matapos ang pananakop ng mga Hapon, katulad ng tunggalian ng mga uri na nakita ni Karl Marx na masasabing may dalang maigting na ideolohiya galing sa Kanluran.[18]

---

12 Frank Lynch, "Big and Little People Social Class in the Rural Philippines," in *Philippine Society and the Individual: Selected Essays of Frank Lynch*, Rev. Edition, eds. Aram A. Yengoyan and Perla Q. Makil (Quezon City: Institute of Philippine Culture, Ateneo de Manila University, 1984), 104-111.

13 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 35.

14 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 45.

15 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 18-19.

16 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 46-47.

17 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 123.

18 Cf. Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 127.

Mas magiging makabuluhan sana ang pilosopikal na proyekto ni Rodriguez kung ibinabad niya ng mas matagal ang mga mambabasa sa ideya nila Marx, Vlademir Lenin, at Mao Zedong para maunawaan ang dalang magkakaibang ideolohiya ng mga ito. Tila kontradiksyon kasi ito sa pag-amin na ang Pilipinas ay nananatiling nakatali sa piyudalismo[19] subalit kailangan agad ng paggamit ng Kanluraning estratehiya na matatandaang mariing tinutulan ng Communist Party of the Philippines (CPP) dahil gumagamit lamang diumano ang PKP ng milenaryong estratehiyang "kontra-intelektwal" na hindi kritikal sa sariling mga patakaran at prinsipyong pinanghahawakan, tulad ng pagkapit sa mga remedyong inilulunsad ng dominanteng sistema ng Kapitalismo[20] sa gitna ng realidad na hindi pa ganap na marami at nagkakaisa ang mga *proletariat* sa Pilipinas.[21]

Naniniwala si Rodriguez na, sa kabila ng magkakaibang pakay at kahilingan ng ilang ilustrado gaya ni Jose Rizal na sa simula ay gusto lamang kilalanin bilang probinsiya ng Espanya ang Pilipinas, o nila Pedro Pelaez at Jose Burgos upang maibalik sa mga Pilipinong pari ang mga parokya, ang bayang sawi ay hihiranging bayan ng kagitingan at makatuwiran kung mauunawaan kung paanong ang mapagkalingang pamahalaan ay may mahalagang gampanin upang matupad ang panlipunang katarungan na makikita sa mga pilosopikal na akda nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at Apolinario Mabini.[22] Bagaman may diin sa Katagalugan, pinatunayan ni Rodriguez na ang mga adhikain ni Jacinto ay ang pagpapatunay na ang ugnayan ng kalayaan at katuwiran ay hindi lamang sa pakikipagsapalaran sa madugong labanan kundi pati na sa pagpapanumbalik ng magandang asal at katapatan ng loob. Ang pag-alpas sa kadiliman ng bayang sawi, ayon kay Mabini, ay hindi lamang sa pagkopya ng isang demokratikong istruktura ng pamahalaan kundi nakaugat sa pagpapanumbalik ng pagkakaisa sa kabila ng kawalang-katarungan ng mga namahala noong Unang Republika, tulad ng pagiging makasarili ni Emilio Aguinaldo na nagpahina sa pakikipaglaban noon sa mga mananakop na Amerikano o pagsasagawa ng mga batas para sa makitid na interes ng iilan lamang. Hindi nakapagtataka na ang itinulak na rebolusyon ni Bonifacio ay hindi huminto nang siya ay patalsikin sa Katipunan ng principalia at mga taong

19 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 141-142.

20 Cf. Francisco Nemenzo, "The Millenarian-Populist Aspects of Filipino Marxism," in *Revisiting Marxism in the Philippines: Selected Essays*, ed. Patricio N. Abinales (Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010), 2-23.

21 Cf. Armando Malay, Jr., "Some Reflections on Marxism and Maoism in the Philippines," in *Revisiting Marxism in the Philippines: Selected Essays*, ed. Patricio N. Abinales (Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010), 26-55.

22 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 68-77.

marangya dahil naniwala siyang ang tunay na representatibong gobyerno ay nagmamalasakit rin sa mga interes ng mga naghihinagpis at naisantabi ng lipunan.

Sa kabuoan, makikitang ang namumutawing tema sa libro ay ang hamong panlipunang nakaugat sa pagsubok kung saan ang indibidwal ay hindi dapat magpanaig sa mga tukso ng pagiging ganid, tampalasan, sakim, at mapagsamantala. Anumang mukha ng rebolusyon o hugis ng pag-aalsa ang dumaan sa kasaysayan ng Pilipinas, sa huli, nasa kamay ng mga Pilipino kung paano sila pag-iisahin ng mabuting layunin at hindi ng mga kasamaan. Kung tutuusin, ang tunay na hamon, ayon kay Rodriguez, ay ang pag-alala sa tunay na kahulugan ng pag-unlad at maginhawang pamumuhay. Ito ay hindi basta mauunawaan dahil lamang sa maling depinisyon ng karangyaang ipinalalaganap sa maraming pelikula noong panahon ng mga Amerikano,[23] o ang paggamit ng dahas at ideolohiyang "nasyonalismo" noong panahon ng diktaduryang Marcos para linlangin ang mamamayan sa paglustay sa kaban ng bayan,[24] o paggamit sa diumanong ambisyon ng demokratikong lipunan upang harangan ang pasismo sa pananakop ng mga Hapon at ang karahasan ng komunismo subalit nagbigay-daan lamang sa pagsasantabi sa mga magsasaka at manggagawang biktima ng kawalang-katarungan at paghahari ng lokal na *bossism*.[25] Tila nagpapaalala si Rodriguez sa teorya ni Plato – bagaman maraming kahina-hinalang ideya ang huli – na ang pagbuo ng republikang yumayakap sa demokratikong pag-unlad ay hindi naghihiwalay sa paglinang ng puso at isipan ng tao upang maging makatarungan at ang malawak na politikal na hakbanging nararapat itaguyod upang wakasan ang anumang katiwalian at kalabisan.[26] Samakatuwid, nasa paglilinang ng katuwirang matuwid at dalisay na pagmamahal sa bayan sa puso ng bawat Pilipino ang solusyon upang tunay na mapahalagahan ang diwa ng pagkakaisa – isang kamalayang mulat sa iisang realidad ng pagkaapi kung saan nangangarap ang mga mamamayan para sa tunay na kalayaan ng mga nagagapi at hindi inaasam na pumalit sa posisyon ng mga mapang-api.

23 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 96-104.

24 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 148-151.

25 Rodriguez, *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang,* 114-119.

26 Plato, *The Republic*, trans. G.M.A. Grube, 12th Printing (Indianapolis: Hackett Publishing Company, 1974), 193-238.

## BIBLIOGRAPIYA

Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2009.

Lynch, Frank. "Big and Little People Social Class in the Rural Philippines." In *Philippine Society and the Individual: Selected Essays of Frank Lynch*, Rev. Edition, edited by Aram A. Yengoyan and Perla Q. Makil, 104-111. Quezon City: Institute of Philippine Culture, Ateneo de Manila University, 1984.

Malay, Jr., Armando. "Some Reflections on Marxism and Maoism in the Philippines." In *Revisiting Marxism in the Philippines: Selected Essays*, edited by Patricio N. Abinales, 26-55. Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010.

Nemenzo, Francisco. "The Millenarian-Populist Aspects of Filipino Marxism." In *Revisiting Marxism in the Philippines: Selected Essays*, edited by Patricio N. Abinales, 2-25. Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010.

Plato. *The Republic*. Indianapolis: Hackett Publishing Company, 1974

Rodriguez, Agustin Martin. *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009.

__________. *Mula Bayang Sawi Hanggang Lupang Hinirang: Ang Pag-uunawa ng Pilipino sa Pilipinas*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2024.

__________. *May Laro ang Diskurso ng Katarungan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014.

__________. *Repentance and Rebirth at the End of Life as We Know It*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2021.

## ABOUT THE AUTHOR

Nathanael V. Navarro is an independent researcher, social entrepreneur, and a young leader of various civil society organizations in the Philippines and beyond. He obtained a Bachelor of Arts in Philosophy from the University of Santo Tomas – Manila, the Philippines, and is currently pursuing a Master of Arts in Philosophy at the University of the Philippines – Diliman. His research interests include dialogical and comparative approaches in metaphysical investigations, democratization, philosophical issues in just and sustainable social development, and cultural studies.